**California Department of Education**
**CALIFORNIA ELEMENTARY SCHOOL**
**CALIFORNIA UNIFIED**

**SSID: 9999990005**
**Petsa ng Pagsusulit: 03/02/2024**
**Baitang: Kindergarten**

PARA SA PAMILYA NI:
**ANDOVER L. MASSACHUSETTS**
123 MAIN ST APT 100
CALIFORNIA CITY, CA 99999-1234

## Ano ang Inisyal na ELPAC at bakit isinasagawa ito?

Ang Inisyal na mga Assessment sa Kahusayan sa Wikang Ingles para sa California (ELPAC) ay isinasagawa upang masukat ang kahusayan ng mag-aaral sa wikang Ingles. Ang Inisyal na ELPAC ay tumutulong kumilala kung gaano kahusay ang mag-aaral sa pakikinig, pagbabasa, pagsusulat, at pagsasalita sa Ingles. Ang impormasyong ito ay nakatutulong sa mga guro upang makapagbigay sa mga mag-aaral ng kinakailangan nilang resources upang magtagumpay.

Sa pag-enrol sa pampublikong paaralan ng California sa unang pagkakataon, ang mga estudyante sa kindergarten hanggang baitang 12 ay kumukompleto ng Survey ng Wika sa Bahay. Ang mga estudyante na may pangunahing wika maliban sa Ingles sa Survey sa Wika sa Bahay ay kukuha ng Inisyal na ELPAC. Ang Inisyal na ELPAC ay nagdedetermina kung kakailanganin nila ng suporta sa pag-aaral ng wikang Ingles o kung mahusay na sila sa Ingles.

## Ano ang ibig sabihin ng mga puntos?

Ang mga mag-aaral ay makatatanggap ng kabuuang puntos at antas ng kakayahan. May tatlong antas ng kakayahan:

- Antas 3: Simula ng Pagiging Mahusay at Matatas sa Ingles
- Antas 2: Medyo Mahusay na Mag-aaral ng Ingles
- Antas 1: Baguhang Mag-aaral ng Ingles

Ang kabuuang puntos ay kombinasyon ng dalawang bahagi ng kakayahan. Ang mga estudyante na nakatanggap ng kabuuang antas ng 1 o 2, ay kinikilala bilang mag-aaral ng Ingles, o EL, at kailangan ng suporta sa pag-aaral ng Ingles. Ang mga estudyante na nakatanggap ng kabuuang antas ng 3, inisyal na may kahusayan sa Ingles, ay hindi kailangang kumuha ng Summative na ELPAC.

Kung mayroon kayong anumang tanong tungkol sa mga resulta ng asessment ng inyong anak, maaari ninyong makontak ang guro ng inyong anak para sa karagdagang impormasyon.


Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga pagsusulit na ito, kasama na ang resources na maaari mong gamitin upong suportahan ang pagkatuto ng iyong anak sa inyong tahanan, bumisita sa https://ELPAC.StartingSmarter.org/.

## Inisyal na ELPAC

### Andover's Kabuuang Inisyal na Puntos ng ELPAC

**Antas**

**2**




Si Andover ay may **katamtamang** kakayahan sa Ingles at maaaring minsan makakagamit ng Ingles sa pag-aaral at pakikipag-usap sa makabuluhang mga paraan. Si Andover ay maaaring nangangailangan ng bahagyang tulong sa pakikipag-usap tungkol sa mga pamilyar na paksa sa Ingles at karagdagang tulong sa mga di-pamilyar na paksa.

Ang saklaw ng marka para sa kindergarten ay 150–600. Ang markang 450 o mataas ay itinuturing na inisyal na mahusay sa Ingles para sa kindergarten. Kukuha ang iyong anak ng Summative na ELPAC hanggang sa ma-reclassify siya bilang mahusay sa wikang Ingles.

### Area ng Performance ni Andover

Ang kabuuang puntos ni Andover ay 90 porsyento ng pabigkas na wika (Pakikinig at Pagsasalita) at 10 porsyento ng pasulat na wika (Pagbabasa at Pagsusulta) na mga kakayahan.

#### Mga Kakayahan sa Pagbibigkas ng Wika

Pakikinig + Pagsasalita~

Gaano kahusay na naunawaan ng inyong anak ang mga pag-uusap, presentasyon, at kuwento; nagsasalita tungkol sa ilustrasyon o eksena; at nagsusuma ng akademikong presentasyon?

**Nagsisimulang Umunlad** ✔ | Bahagya/ Katamtaman | Lubusang Umunlad

#### Mga Kakayahan sa Pagsusulat ng Wika

Pagbabasa + Pagsusulat

Gaano kahusay ang inyong anak nagbasa ng iba't ibang materyal; sumagot sa mga tanong tungkol sa nabasa ng inyong anak; at sumulat ng mga letra, salita, o pangungusap na naglalarawan ng litrato?

**Nagsisimulang Umunlad** ✔ | Bahagya/ Katamtaman | Lubusang Umunlad

~ Ang mag-aaral ay hindi nakasama sa isa o higit pang mga domain. Ang puntos para sa composite ay kinalkula base sa mga nakumpletong domain.